



Seattle Office of
Labor Standards

IKAW BA AY DOMESTIC WORKER?

ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN



ORDINANSA PARA SA MGA DOMESTIC WORKER NG SEATTLE

Ordinansa para sa mga Domestic Worker ng Seattle (Seattle Domestic Workers Ordinance) ay nagbibigay sa mga domestic worker ng mga pangunahing proteksiyon sa pinagtatrabahuhang lugar.

Ang gabay na ito ay mayroong impormasyon tungkol sa mga proteksiyong ito ngunit hindi ito inilaan bilang legal na payo. Para sa higit pang impormasyon, at para sa anumang tanong, makipag-ugnayan sa:



Seattle Office of
Labor Standards

Tumawag sa (206) 256-5297

laborstandards@seattle.gov

www.seattle.gov/laborstandards

Makikita ang kompletong detalye tungkol sa Ordinansa para sa mga Domestic Worker sa:
www.seattle.gov/laborstandards/ordinances/domestic-workers-ordinance

MGA DOMESTIC WORKER: ALAM MO BA?

KUNG NAGTA- TRABAHO KA SA ISANG TAHANAN BILANG:

- Yaya
- Manggagawang tagapag-alaga sa tahanan
- Tagalinis ng bahay
- Tagaluto
- Tagapamahala ng sambahayan
- Hardinero

MAY KARAPATAN KA SA:

- Minimum na sahod sa Seattle
- Mga oras ng pagkain at pahingang walang abala, o dagdag na bayad kung hindi sila makakapagpahinga
- Isang araw (24 oras) na pahinga pagkatapos magtrabaho nang anim na magkakasunod na araw para sa mga manggagawang nakatira o natutulog sa lugar kung saan sila nagtatrabaho.
- Karapatang panghawakan ang mga dokumento at personal na gamit
- Mga proteksiyon laban sa seksuwal na panggigipit at diskriminasyon

*Kung ikaw ay employer, may mga obligasyon ka sa ilalim ng iba pang mga pamantayan sa paggawa




KARAPATAN SA

MINIMUM NA KOMPENSASYON

Ang lahat ng domestic worker ay dapat bayaran nang hindi bababa sa kasalukuyang minimum na sahod sa Seattle. Taon-taon, tumataas ang Minimum na Sahod sa Seattle tuwing Enero 1. Inaanunsiyo ng Office of Labor Standards (OLS, Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa) ang tungkol sa pagtaas ng minimum na sahod para sa darating na taon sa fall ng bawat taon.

Para sa kasalukuyang minimum na sahod, pumunta sa:

[www.seattle.gov/laborstandards/
ordinances/minimum-wage](http://www.seattle.gov/laborstandards/ordinances/minimum-wage)





KARAPATAN SA

MGA MAY BAYAD NA PAHINGA

Kung magtatrabaho ka nang lampas sa apat na oras, dapat kang makakuha ng may bayad at walang abalang 10 minutong pahinga bago matapos ang ikatlong oras ng trabaho.



Kung magtatrabaho ka pa rin sa oras ng pahinga mo, magkakautang sa iyo ng dagdag na suweldo para sa 10 minuto.





KARAPATAN SA


MGA ORAS NG PAGKAIN

Kung magtatrabaho ka nang lampas sa limang oras, makakakuha ka ng walang bayad at walang abalang 30 minutong oras ng pagkain.

Gayunpaman, kung kailangan mong manatili sa pinagtatrabahuhang lugar sa oras ng pagkain at maghandang bumalik sa trabaho, dapat bayaran ang break na ito.



Kung magtatrabaho ka pa rin sa iyong oras ng pagkain, makakakuha ka ng dagdag na sahod para sa 30 minuto na nakaligtaan mong break.






KARAPATAN SA

ARAW NG PAHINGA

Kung nakatira o natutulog ka sa iyong pinagtatrabahuhang lugar at nagtatrabaho ka nang anim na magkakasunod na araw, kwalipikado ka sa walang bayad na 24 oras na pahinga.





KARAPATANG ITABI

ANG LAHAT NG PERSONAL NA DOKUMENTO

May karapatan kang itabi ang iyong mga orihinal na dokumento at personal na item.





KARAPATANG

HINDI MAKARANAS NG DISKRIMINASYON AT PAGGANTI

Ang mga domestic worker ay kadalasang nagtatrabaho nang mag-isa at nanganganib na makaranas ng seksuwal na panggigipit at iba pang uri ng diskriminasyon. May karapatan ang mga domestic worker para sa mga proteksiyon laban sa ganitong pagtrato sa ilalim ng batas sa Mga Patas na Kasanayan sa Pagtatrabaho (Fair Employment Practices) ng Lungsod.

Hindi pinahihintulutan ang mga employer na magsagawa ng aksiyon laban sa iyo dahil sa paggamit mo sa iyong mga karapatan o paghahain ng reklamo sa Lungsod.



Kung ikaw ay manggagawa na gustong makipag-usap tungkol sa iyong mga karapatan, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle sa (206) 684-4500, mag-email sa discrimination@seattle.gov, o pumunta sa www.seattle.gov/civilrights.

ANG TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG SEATTLE (OLS)

Narito ang Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle upang tulungan ang mga manggagawa na maunawaan ang kanilang mga karapatan. Sinisiyasat at nireresolba rin ng OLS ang mga paglabag sa batas.

Para sa mga tanong, o upang mag-ulat ng mga paglabag, tumawag sa (206) 256-5297, o mag-email sa laborstandards@seattle.gov.

ANG AMING PANGAKO


Narito kami para tumulong. Magbibigay kami ng interpretasyon ng wika, at libre ang aming mga serbisyo. Hindi namin tatanungin ang iyong katayuan sa imigrasyon.



Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa mga kinakailangang ito, pakitingnan ang mga update sa aming website: www.seattle.gov/laborstandards



A page with 15 horizontal light blue lines and a thick blue vertical bar on the left side.





ANG TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG SEATTLE (OLS)

Ang Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle ay gustong tumulong sa mga hiring entiti na maunawaan ang kanilang mga tungkulin sa ilalim ng bagong batas na ito.

Para sa mga tanong, tumawag lang sa (206) 256-5297, o mag-email sa laborstandards@seattle.gov.

ANG AMING PANGAKO

Narito kami para tumulong! Gusto naming tumawag ka para magtanong tungkol sa kung paano ipapataw ang bagong batas. Ang Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle ay magbibigay ng pribadong payo at hindi ka iuulat sa aming kawaning tagapagpatupad ng batas. Ligtas sa amin ang iyong mga tanong.



Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa mga kinakailangang ito, pakitingnan ang mga update sa aming website: www.seattle.gov/laborstandards



PROTEKSIYON LABAN SA DISKRIMINASYON AT PAGGANTI

Ang mga domestic worker ay kadalasang nagtatrabaho nang mag-isa at nanganganib na makaranas ng seksuwal na panggigipit at iba pang uri ng diskriminasyon. May karapatan ang mga domestic worker para sa mga proteksiyon laban sa ganitong pagtrato sa ilalim ng batas sa Mga Patas na Kasanayan sa Pagtatrabaho ng Lungsod.

Papatawan ang mga hiring entity ng mga karagdagang parusa kung magsasagawa sila ng aksiyon laban sa isang domestic worker dahil sa paggamit niya sa kanyang mga karapatan o paghahain ng reklamo sa Lungsod.




Kung gusto mong alamin pa ang tungkol sa batas sa Mga Patas na Kasanayan sa Pagtatrabaho, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle sa (206) 684-4500, mag-email sa discrimination@seattle.gov, o pumunta sa www.seattle.gov/civilrights.



IPINAGBABAWAL ANG PAG-IPIT NG MGA PERSONAL NA DOKUMENTO



May karapatan ang mga domestic worker na itabi ang kanilang mga orihinal na dokumento at personal na item.



ARAW NG KARAPATAN SA PAHINGGA



Dapat magbigay ang mga hiring entity ng walang bayad na 24 oras na pahinga sa mga domestic worker na nakatira o natutulog sa pinagtatrabahang lugar kapag nagtatrabaho sila nang anim na magkakasunod na araw.


MGA ORAS KARAPATAN SA NG PAGKAIN



Dapat magbigay ang mga hiring entity sa mga domestic worker ng walang bayad at walang abalang 30 minutong oras ng pagkain kung nagtatrabaho sila nang lampas sa limang oras.

Gayunpaman, dapat mong bayaran ang manggagawa para sa oras ng pagkain kung inaatasan mo ang manggagawa na manatili sa pinagtatrabahuhang lugar sa oras ng break at maghandang bumalik sa trabaho.

Kung magtatrabaho pa rin ang manggagawa sa oras ng pagkain, dapat mong bayaran ang manggagawa ng dagdag na sahod para sa 30 minuto na nakaligtang break.






MGA MAY BAYAD KARAPATAN SA NA PAHINGA

Dapat bigyan ng mga hiring entity ang mga domestic worker ng may bayad at walang abalang 10 minuto ng pahinga bago matapos ang ikatlong oras ng trabaho.



Kung magtatrabaho pa rin ang manggagawa sa oras ng pahinga, dapat mong bayaran ang manggagawa ng dagdag na sahod para sa 10 minuto.





MINIMUM NA KARAPATAN SA KOMPENSASYON



Ang lahat ng domestic worker ay dapat bayaran nang hindi bababa sa kasalukuyang minimum na sahod sa Seattle. Taon-taon, tumataas ang Minimum na Sahod sa Seattle tuwing Enero 1. Inaunsiyo ng Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ang tungkol sa pagtaas ng minimum na sahod para sa darating na taon sa fall ng bawat taon.

Para sa kasalukuyang minimum na sahod, pumunta sa:

www.seattle.gov/laborstandards/ordinances/minimum-wage

SUMASAKLAW BA SA IYO ANG BATAS?

Ang mga indibidwal, sambahayan, at kompanyang direktang nagha-hire o nagpapatrabaho ng mga domestic worker ay dapat sumunod sa batas. Ang nasabing tao, sambahayan, o kompanya ay tinutukoy bilang "hiring entity."

Kung gumagamit ka ng hiwalay na kompanya para magbigay ng mga serbisyong pangtahanan, ang negosyong iyon ay ang "hiring entity" na may responsibilidad na magbigay ng mga proteksiyon sa manggagawa. Gayunpaman, kung manghihimasok ka sa mga karapatan ng manggagawa sa ilalim ng batas na ito, lalabag ka sa batas.

Hindi saklaw ng batas ang mga sumusunod na uri ng manggagawa:

- Mga indibidwal na nagtatrabaho nang casual
- Mga indibidwal na kapamilya ng hiring entity
- Mga manggagawang tagapag-alaga sa tahanan na binabayaran gamit ang mga pampublikong pondo

ALAM MO BA?

Kung nagtatrabaho ka sa loob o sa paligid ng isang tahanan, dapat mong malaman ang tungkol sa Domestic Workers Ordinance ng Seattle.

Ituturing ka bilang saklaw na hiring entity kung nagbabayad ka para sa mga serbisyong ito:

- Yaya
- Manggagawang tagapag-alaga sa tahanan
- Tagaluto
- Tagapamahala ng sambayanan
- Tagalinis ng bahay
- Hardinero

Dapat ibigay ng isang hiring entity sa domestic worker ang mga sumusunod:

- Minimum na sahod sa Seattle
- Mga oras ng pagkain at pahingang walang abala, o dagdag na bayad kung hindi sila makakapagpahinga
- Isang araw (24 oras) na pahinga pagkatapos magtrabaho nang anim na magkakaunod na araw para sa mga manggagawang nakatira o natutulog sa lugar kung saan sila nagtatrabaho.
- Karapatang panghawakan ang mga dokumento at personal na gamit
- Mga proteksiyon laban sa seksuwal na panggigipit at diskriminasyon

*Kung ikaw ay employer, may mga obligasyon ka sa ilalim ng iba pang mga pamantayan sa paggawa

Ang Ordinanza para sa mga Domestic Worker ng Seattle ay nagbibigay sa mga domestic worker ng mga pangunahing proteksiyon sa pinagtatrabahang lugar.

Ang gabay na ito ay mayroong impormasyon tungkol sa mga proteksiyong ito ngunit hindi ito inilaan bilang legal na payo. Para sa higit pang impormasyon, at para sa anumang tanong, makipag-ugnayan sa:



Tumawag sa (206) 256-5297

laborstandards@seattle.gov

www.seattle.gov/laborstandards

Makikita ang kumpletong detalye tungkol sa Ordinanza para sa mga Domestic Worker sa: www.seattle.gov/laborstandards/ordinances/domestic-workers-ordinance

ORDINANSYA PARA SA MGA DOMESTIC WORKER NG SEATTLE



IKAW BA AY DOMESTIC WORKER? ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN

Seattle Office of
Labor Standards

